



ALAMIN ANG INYONG MGA KARAPATAN
ORDINANSA PARA SA PAGTATAGUYOD NG KALUSUGAN SA AIRPORT
[HEALTHY AIRPORT ORDINANCE (HAO)]
PARA SA MGA EMPLEYADO NG PROGRAMA SA MGA PAMANTAYAN NG KALIDAD
SA SFO [SFO QUALITY STANDARDS PROGRAM (QSP)]

Pinaiiral: Pebrero 26, 2026 - Disyembre 31, 2026 (binago 2/2026)

Ang abisong ito ay upang ipagbigay-alam sa mga Nagsisilbing Empleyado ng Airport ng SF (SF Airport Service Employees) (mga empleyado ng QSP) ang tungkol sa kanilang mga karapatan sa ilalim ng Ordinansa para sa Pagtataguyod ng Kalusugan sa Airport [Healthy Airport Ordinance (HAO)]. Inaatasan ng HAO ang mga taga-empleyo ng QSP na magkaloob ng ilang partikular na benepisyong pangkalusugan. Kung nagtatarabaho kayo para sa isang taga-empleyo ng QSP sa SFO, **kayo ay isang sakop na empleyado. Walang pinakamababang oras na kinakailangan**—kwalipikado ang mga empleyado sa QSP para sa mga benepisyong pangkalusugan na ito anuman ang bilang ng oras ng pagtatrabaho. Ang mga taga-empleyo ng QSP ay maaaring sumunod sa HAO sa pamamagitan ng pagpili sa isa sa mga sumusunod na opsyon:

(Taga-empleyo: Mangyaring markahan ang isa sa mga opsyon sa ibaba.)

- OPSYON 1 – MAGBIGAY NG SUMUSUNOD SA BATAS NA PLANONG PANGKALUSUGAN NG PAMILYA (COMPLIANT FAMILY HEALTH PLAN) PARA SA INYO AT INYONG MGA DEPENDIYENTE NA TUMUTUGON SA MGA PANGANGAILANGAN NG PLANONG PANGKALUSUGAN**
- Hindi kayo maaaring utusan ng inyong taga-empleyo na mag-ambag ng anumang halaga tungo sa mga premium para sa sakop ng planong pangkalusugan ng pamilya.
 - Dapat magsimula ang pagkakasakop sa unang araw ng buwan na magsisimula pagkaraan ng 30 araw mula sa simula ng pag-eempleyo.
- OPSYON 2 – MAGBAYAD NG \$12.15 KADA ORAS NG PAGTATRABAHO SA CITY OPTION**
Magbayad ng \$12.15 kada oras para sa bawat oras na nagtrabaho (hanggang sa 40 oras sa isang linggo) sa City Option, na nagbibigay sa mga empleyado ng mga medikal na account para sa pagsasauling-bayad (medical reimbursement accounts).
- OPSYON 3 – GUMAWA NG DI-MABABAGONG HALAGA NG GASTOS SA PANGANGALAGA NG KALUSUGAN (IRREVOCABLE HEALTH CARE EXPENDITURES) BATAY SA LAKI NG SAMBAHAYAN AT MGA ORAS NG PAGTATRABAHO NG EMPLEYADO**
Gumawa ng di-mababagong halaga ng gastos sa pangangalaga ng kalusugan (irrevocable health care expenditures) para sa bawat sakop na empleyado o sa ngalan niya para sa mga oras na nagtrabaho sa SFO o malapit dito bilang bahagi ng QSP, ayon sa sumusunod na mga halaga:

Laki ng Sambahayan	Rate Kada Oras na Nagtrabaho	Maximum Kada Linggo
Empleyado na walang Dependiyente	\$6.17	\$246.80
Empleyado na may 1 Dependiyente	\$12.33	\$493.20
Empleyado na may 2+ Dependiyente	\$17.44	\$697.60

MGA HINDI KASAMA SA PAGKAKASAKOP

Ang ilang kategorya ng mga empleyado, kabilang ngunit hindi limitado sa mga estudyante, nagsasanay, at empleyado ng mga taga-empleyo na sakop ng pangangailangan sa Ipinatutupad na Sahod, ay hindi kasama sa ilalim ng HCAO.

BOLUNTARYONG PAGTANGGI O PAGTALIKOD SA PAGKAKASAKOP (WAIVER OF COVERAGE)

Ang mga empleyado ay maaaring tanggihan ang pagkakasakop sa kalusugan na inaalok taun-taon ng taga-empleyo sa pamamagitan ng pagpirma sa Form para sa Boluntaryong Pagtanggì (Voluntary Waiver Form). Ang waiver form ay may bisa para sa kasalukuyang taon ng plano; gayunman, maaaring pawalang-saysay ito ng mga empleyado kung mayroong isang kwalipikadong kaganapan sa buhay.

IPINAGBABAWAL ANG PAGGANTI

Hindi maaaring gumanti ang mga taga-empleyo laban sa kanilang mga empleyado dahil sa pagtatangkang matuto pa ng tungkol sa HAO o paggamit ng kanilang mga karapatan sa ilalim ng batas. Kung naniniwala kayong nakaranas na kayo ng diskriminasyon o pagganti dahil sa pagtatanong para sa impormasyon o paggamit ng inyong mga karapatan sa ilalim ng HAO, kontakin ang OLSE para magsampa ng reklamo. Mangyaring magtago ng kopya ng form na ito para sa inyong mga rekord.

Huwag pirmahan ang dokumentong ito hanggang sa lubos na ninyong naiintindihan ang inyong mga karapatan sa ilalim ng HAO.

Panganlan ng Empleyado

Petsa

Lagda ng Empleyado

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa mga responsibilidad ng inyong taga-empleyo o sa inyong mga karapatan sa ilalim ng HAO, kontakin ang OLSE sa (415) 554-7903 o HCAO@sfgov.org o bumisita sa www.sf.gov/olse-hao.